


# MENSAHE

Sa nakalipas na walong taon, na ako ay tatlong beses ninyong pinagkatiwalaan bilang Ama ng bayan, at ngayon ay lungsod ng Baliwag, taos puso po ang aking pasasalamat.

Sa simula pa lamang, ipinakilala na natin ang Serbisyong May Malasakit bilang puso at kaluluwa ng aking paglilingkod. Ito ang pamantayan, at kulturang ating isinulong na ating inilalarawan sa limang katangian—ang pagiging magiliw, maagap, mahusay, maasahan, at magkakatuwang.

Maraming reporma tayong inilunsad, maraming programa tayong nagawa, maraming kababayan tayong naabot, maraming mamumuhunan ang nagtiwala sa atin.

Subalit, sa kabila ng mga tagumpay na ito,  marami ring pagsubok ang ating hinarap, kabilang dito ang banta sa aking buhay nang ako ay tamaan ng Covid 19. Ganunpaman, hindi ito naging hadlang, bagkus, ito ay naging hakbang at nagbigay daan upang higit tayong maging matatag, estratehiko, at nagkakapit-bisig para mapagtagumpayan ang mga balakid.

Kung magbabalik-tanaw po ako sa aking dinatnan, at sa kung anong  estado ang ating narating sa kasalukuyan, tunay na may ngiti sa aking mga labi at kapanatagan sa aking puso ang hatid nito. Mula ika-960 munisipyo sa bansa, tayo ang ika-2 Most Competitive Municipality sa buong Pilipinas ngayon, dahilan upang tayo ay lapitan ng mga malalaking mamumuhunan.

Mula pagiging kulelat sa Nutrisyon sa hanay ng mga bayan sa Bulacan, tayo po ay No. 1 na rin ngayon sa hanay ng mga lungsod sa buong Gitnang Luzon. Maliban pa dito, ang Baliwag din ay consistent recipient ng Seal of Good Local Governance, Hall of Famer sa Manila Bayani Award, 4-Time National Champion sa Digital Governance, ISO 9001:2015 Certified for Quality Management System, at consistent national finalist bilang Most Business Friendly LGU sa buong bansa.

At ang aking pangarap na mai-level-up ang Baliwag mula sa pagiging bayan, ganap na tayong lungsod, ang ika-148 sa bansa,  at ikaapat sa lalawigan ng Bulacan.

Ang Baliwag rin po ang laging rekomendado ng DTI, DILG, at DENR para sa best practices sa ease of doing business,  at solid and liquid waste management.

At sa gitna ng ating mga inobasyon at reporma sa pamamahala, higit pa nating pinaigting at pinalawig ang mga serbisyo upang ilapit sa ating mga kababayang nangangailangan sa barangay gaya ng ating High FVE sa Barangay Serbisyong May Malasakit Caravan at ang libreng edukasyon ECC, technical vocational, hanggang Kolehiyo, at masteral din para sa mga pampublikong guro.

Malayo na nga pero malayo pa ang ating nais marating. Marami pang proyekto ang hindi natin masisimulan dahil sa limitadong mandato sa termino ng paglilingkod, kaya mahalaga na maipagpatuloy ito ng susunod sa akin. Hindi na po tayo babalik sa simula, hindi po tayo lalakad na paurong. Dapat tayong sumulong, at ipagpatuloy pa ang napakarami na nating malalaki at makabuluhang programa at proyekto  na atin ng nasimulan at pinakikinabangan na ng marami.

Kaya, sama-sama po nating tunghayan sa babasahing ito ang ilan sa mahahalagang ginawa natin, ang ating mga tagumpay  sa ating mahal na Baliwag City.

Maraming salamat po!

**FERDINAND V. ESTRELLA**
Punong Lungsod

DUGONG BALIWAG PUSONG BALIWAG